VA Caregiver Support



# Programa sa Pangkalahatang Serbisyo Suporta sa mga Tagapangalaga

*Ang mga madalas na itinatanong (FAQ)*

## Ano ang Programa sa Pangkalahatang Serbisyo Suporta sa mga Tagapangalaga? (Program of General Caregiver Support Services - PGCSS)

Ang Programa sa Pagsuporta sa mga Tagapangalaga o Caregiver Support Program's (CSP) PGCSS ay nagbibigay serbisyo sa mga tagapag-alaga ng mga Beterano ng anumang kapanahunan na sa kasalukuyang naka-enrol sa Kagarawan ng mga bagay ukol sa Pangangalagang Kalusugan ng mga Beterano o Department of Veterans Affairs (VA) Healthcare.

Ang PGCSS ay nag-aalay ng iba't ibang mga uri ng serbisyo sa pamilya at mga kaibigan na nangangalaga sa Beterano, kabilang na dito ang mga kasamahang pagsuporta, pag-gabay, kasanayan sa pagsasanay, pagpapayo o pag-alalay, suporta sa telepono, bidyo at iba't ibang mga programang Online sa internet.

> ***"Ako ay lubhang nasisiyahan sa Kagarawan ng mga Beterano (VA) na Programang Pagsuporta sa mga Tagapangalaga o Caregiver Support Program's (CSP) Natutunan ko ang mga wastong pakikitungo... kung mayroon akong anumang mga katanungan o alalahanin, pakiramdam ko ay maaari kong kontakin ang aming Caregiver Support Team nang walang pag-aatubili"***
>
> ***– Caregiver sa PGCSS***

## Sino ang isang Tagapag-alaga?

- Ang pangkalahatang tagapag-alaga ay ang isang taong nagbibigay ng personal na atensyon at pangangalaga sa isang Beterano na naka-enrol sa Kagarawan ng mga Baterano sa Pangangalagang Kalusugan/Department of Veterans Affairs (VA) healthcare na may:
  - Kailangan ng tulong sa isa o mahigit pang mga aktibidad na pang araw-araw na pamumuhay o kaya'y
  - Nangangailangan ng pangangasiwa o proteksyon batay sa mga sintomas o tinatanggihan ng neurolohiyang pangangalaga o iba't iba pang mga kapansanan o sakit.

---

Bawat Kagarawan ng mga Beterano (VA) ay may Kaponan ng Programang Pagsuporta sa mga Tagapangalaga (CSP Team) sa Pasilidad na tumutulong sa impormasyon at mga rekomendasyon. Upang makaalam ng mga higit pang katungkulan at kabatiran tungkol sa Programang Pangkalahatang Serbisyo sa mga Tagapag-alaga (PGCS) at tagapag-alaga serbisyo na inaalok, bisitahin po kami sa online:

**www.caregiver.va.gov**

**VA Caregiver Support Line**
**1-855-260-3274 toll-free**

VA | U.S. Department of Veterans Affairs

- Ang pangkalahatang tagapagalaga ay hindi kailangan na maging isang kamag-anak o di kaya'y nakatira kasama ng Beterano.

## Anong mga serbisyo ang ibinibigay ng PGCSS para sa isang tagapag-alaga?

- Pagsasanay at suporta sa pamamagitan ng mga sesyon na personal kasama ng beterano, sa pagamit ng online sa internet at pagkunsultang birtual, na gamit ay telepono o bidyo.
- Ang mga kasanayan sa pagsasanay ay nakatuon sa pangangalaga sa kakaibang o di karaniwang mga pangangailangan ng Isang Beterano.
- Sariling pagpapayo na may kaugnayan ukol sa indibiduwal na pangangalaga at panganga-ilangan ng Beterano.
- Ang *Respite Care*, ay isang uri ng pangangalaga, na nag-aalay ng medikal at angkop sa edad na mga panandaliang serbisyo sa mga nararapat na Beterano, ito ay nagbibigay-daan sa mga tagapag-alaga na mag-ukol ng panahon para sa kanilang sarili na makapagpahinga habang ang Beterano ay pinangangalagaan sa isang ligtas at mapagmalasakit na kapaligiran.

## Paano ako makapag-enrol sa PGCS bilang tagapag-alaga?

- Kausapin o kontakin ang Kaponan ng Programang Pagsuporta sa mga Tagapangalaga o Caregiver Support Program CSP Team o pwede ding humiling ng rekomendasyon o reperal mula sa tagapagbigay serbisyo sa Beterano (Veteran's Provider). Hindi kina-kailangan ng applikasyon.
- Kumpletuhin ang isang paggamit na aksyon (intake) sa Pasilidad ng Kaponan ng Programang Pagsuporta sa mga Tagapangalaga (Facility CSP Team). Kinakailangang sumang-ayon ang Beterano na tumanggap ng pangangalaga mula sa inyo bilang kanilang tagapag-alaga, kayo ay ililistang tagapag-alaga sa kanilang Talaan ng Pangangala (Healthcare Record).
- Mag-enrol at magsimulang gamitin ang mga suporta at serbisyong prenipresenta.
- Ang Kagarawan ng mga Beterano (VA) ay





Bawat Kagarawan ng mga Beterano (VA) ay may Kaponan ng Programang Pagsuporta sa mga Tagapangalaga (CSP Team) sa Pasilidad na tumutulong sa impormasyon at mga rekomendasyon. Upang makaalam ng mga higit pang katungkulan at kabatiran tungkol sa Programang Pangkalahatang Serbisyo sa mga Tagapag-alaga (PGCS) at tagapag-alaga serbisyo na inaalok, bisitahin po kami sa online:

**www.caregiver.va.gov**

**VA Caregiver Support Line**
**1-855-260-3274 toll-free**

VA | U.S. Department of Veterans Affairs

- magtatatag ng isang Talaan ng Pangangala (Healthcare Record) na partikular para sa inyo.
- Para makapagtatag ng Talaan ng Pangangala (Healthcare Record), hihilingin ng isang miyembro ng Kaponan ng Programang Pagsuporta sa mga Tagapangalaga sa Pasilidad (Facility CSP Team) na upang mabuksan ang talaang ito, kabilang na ang iyong buong pangalan, kasarian, tirahan, ang inyong numero ng Securidad sa Lipunan (Social Security Number), at petsa ng kapanganakan.
- Ang Talaan ng Pangangalaga (Healthcare Record) na ito ay gagamitin ng Kaponan ng Programa sa Pagsuporta sa mga Tagapangalaga sa pasilidad (Facility CSP Team) at ng mga klinika sa Kagarawan ng mga Beterano (VA) na nagbibigay ng mga serbisyo at suporta sa iyo.
- Ang mga serbisyo ng PGCSS ay ibinibigay na walang bayad.

## Paanong pakikipag-ugnayan sa PGCSS makakatulong sa inyong pagiging tagapag-alaga?

- Ang PGCSS ay maaaring:
  - Makapagbigay ng suportang klinikal batay sa inyong mga pangangailangan at kahilingan. Ang suportang ito ay maaaring kabilangan ng pagtuturo, support pagpayo, mga pangkat na pangsuporta, kasanayan sa pagsasanay at suportang pagabay ng kasamahan.
  - Tumutulong sa pagtukoy ng mga paraan upang mabawasan ang inyong pasanin at pagkabalisa upang mas mapangasiwaan ang inyong mga pagkabigo, tensyon at pagkakunsume.
  - Tutulungan kayong ng pinakambuting paraan upang pamahalaan ang mga mahihirap at mapaghamon na pag-uugali o mga alalahanin sa pamamagitan ng pagpapahusay ng mga kasanayan sa paglutas ng mga suliranin.
  - I-kokonekta kayo sa Kagarawan ng mga Beterano (VA) at sa mga benepisyo at serbisyo ng komunidad.



Bawat Kagarawan ng mga Beterano (VA) ay may Kaponan ng Programang Pagsuporta sa mga Tagapangalaga (CSP Team) sa Pasilidad na tumutulong sa impormasyon at mga rekomendasyon. Upang makaalam ng mga higit pang katungkulan at kabatiran tungkol sa Programang Pangkalahatang Serbisyo sa mga Tagapag-alaga (PGCS) at tagapag-alaga serbisyo na inaalok, bisitahin po kami sa online:

**www.caregiver.va.gov**

**VA Caregiver Support Line**
**1-855-260-3274 toll-free**

VA | U.S. Department of Veterans Affairs